

WORD

Pero, Panginoon, kayo pa rin ang aming Ama. Ang katulad ninyo'y magpapalayok, at kami naman ay parang putik. Kayo ang gumawa sa aming lahat. ISAIAS 64:8

Ang Apostles' Creed ay isang talaan ng mga itinuro ng mga apostol, halos 2,000 taon na ang nakaraan. Sa loob ng maraming siglo, ito ang ginamit ng iglesya bilang pagbubuod ng mga Kristiyanong paniniwala. Ang Creed ay nagsisimula sa pangunahing katotohanan na ang ating Diyos ang "Amang Makapangyarihan, na may gawa ng langit at lupa." Sa araling ito, ating titingnan kung ano ba talaga ang kahulugan ng pagiging Ama at Tagapaglikha, at kung paano ito makakaapekto sa ating mga buhay.

1 Ang Diyos ang ating Ama.

Pero, Panginoon, kayo pa rin ang aming Ama. Ang katulad ninyo'y magpapalayok, at kami naman ay parang putik. Kayo ang gumawa sa aming lahat. ISAIAS 64:8

Ang Diyos bilang ating Ama ang simula ng ating pananampalataya. Ito ang tumutukoy ng ating relasyon sa Kanya, sa ating kapwa, at maging sa kung paano natin nakikita ang ating mga sarili. Subalit ang ating pananaw tungkol sa pagiging Ama ng Diyos sa atin ay maaaring manggaling sa relasyon na mayroon tayo sa ating ama dito sa lupa. Bagamat mayroon tayong iba't-ibang larawan kung ano ba ang isang ama, sinasabi sa Bibliya na ang ating Amang Diyos ay sagana sa pagmamahal (Mga Salmo 145:8) at Siya ay Ama ng mga ulila (Mga Salmo 68:5). Ano ang katangian ng ating Ama sa langit? (Mga Salmo 103:8-14)

.....

.....

.....

2 Ang Diyos ay Lubos na Makapangyarihan.

"O Panginoong Diyos, nilikha n'yo ang langit at lupa sa pamamagitan ng kapangyarihan n'yo. Walang anumang bagay na hindi n'yo magagawa." JEREMIAS 32:17

Kung tayo ay nilikha ng Diyos, nangangahulugan ito na Siya ay lubos na makapangyarihan. Dahil sa Siya ay lubos na makapangyarihan, kaya Niyang gawin ang anumang gusto Niyang gawin. Walang hangganan ang Kanyang kapangyarihan dahil walang imposible sa Kanya. Sa tuwing haharap tayo sa pagsubok sa ating buhay, maaari tayong manalig na ang makapangyarihang Diyos ay malapit sa tuwing tatawag tayo sa Kanyang pangalan (Mga Salmo 145:18). Walang hadlang na makapipigil sa Kanya. Paano natin maititigil ang pagdududa tungkol sa kapangyarihan ng Diyos? (Mga Salmo 18:30)

.....

.....

.....

3 Ang Diyos ang ating Tagapaglikha.

Hindi ba ninyo alam o hindi ba ninyo narinig na ang Panginoon ay walang hanggang Diyos na lumikha ng buong mundo? Hindi siya napapagod o nanghihina at walang nakakaunawa ng kanyang isip. ISAIAS 40:28

Ang Diyos ang gumawa ng lahat ng bagay. Nilikha Niya tayo batay sa Kanyang kagustuhan. Bago pa man Niya tayo binuo sa sinapupunan ng ating ina, kilala na Niya tayo (Jeremias 1:5). Sabihin man ng mundo na tayo ay isang "bagay" lamang, sa Diyos tayo ay mahalaga. Sa kabila ng pagiging lubos na makapangyarihan, inisip at ginawa tayo ng Diyos, upang maranasan natin ang masayang relasyon sa piling Niya. Paano mapapalakas ng katotohanang ang Diyos ang ating Dakilang Lumikha ang iyong pananampalataya bilang isang Kristiyano?

.....

.....

.....